

# Modernisasyon ng Filipino: Pag-aangkla sa Nagbabagong Panahon

GERMAN V. GERVACIO

## Abstrak

*Ang kasalukuyang pag-usad ng wikang Filipino tungo sa modernisasyon ang paksa ng artikulo.*

*Tinatalakay din ang impluwensya ng mga wikang katutubo at dayuhan sa pagsulong nito, gayundin ang papel ng bawat mamamayang Pilipinong nakikibahagi sa pagpapayabong nito.*


## Introduksyon

Ang modernisasyon o pagsasabago ng wika ay mas nabibigyang-tuon ngayong panahon dahil sa isang penomenon – ang pagpasok ng Panahon ng Impormasyon o Information Age, na nagbibigay-kiling sa Information Technology. Ito ay isang pandaigdigang penomenon kaakibat ng globalisasyon.

Mula sa paghulagpos sa sistemang Lope K. Santos hanggang sa pag-akma sa Industriyalisasyon, ang Filipino bilang pambansa at buhay na wika ay nararapat lamang maiangkla sa namamayaning kalakaran, hindi lamang sa wika kundi pati na rin sa lahat ng aspetong kinauugnayan nito, partikular na ang sosyo-ekonomikong gamit nito.

Sinasabing ang lahat ng bagay ay nakapaloob sa wika at walang bagay sa

---

 Si German V. Gervacio ay nagtuturo sa Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, Kolehiyo ng mga Sining at Agham Panlipunan, MSU-IIT. Isa siyang kwentista at makata at ang ilan sa kanyang nasulat ay nanalo sa Timpalak Palanca at sa Homelife Magazine. Sa kasalukuyan, nag-aaral siya sa Unibersidad ng Pilipinas para sa doktorado sa Malikhaing Pagsulat.

labas nito. Sumusunod lamang na kung nais nating makaagapay sa panahon ng impormasyon, maipaloob natin sa wika (Filipino) ang lahat ng salik na kaugnay ng ganitong penomenon. Subalit sinasabi ring ang wika ay aproksimasyon lamang ng ideyang nais ipahayag nito. Halimbawa'y ang tuldok na simbolo ay aproksimasyon lamang ng ideya ng tuldok na walang haba, lapad o taas. Gayunpaman, malinaw pa rin dito na maaproximeyt natin ang anumang ideya sa pamamagitan ng Filipino lalo na yaong mga nakapaloob sa kasalukuyang kalakaran kung nais nating makaigpaw sa tunggaliang ekonomikal o sa simpleng pagpapanatiling buhay ng ating wikang pambansa.

Bigyang-pansin na ang wika ay pag-aari ng mga gumagamit nito at nilikha bilang ekspresyon ng kanilang kolektibong karanasan din, at hindi isang bagay na hiniram o ipinagduldulan sa isang tao o grupo ng taong may kolektibong karanasan na bago pa man ang wikang ito. Kung gayon, ang wika ay hindi kailangang mauna kaysa sa kamalayang kakatawanin nito, sa halip, mas nauuna ang bagay kaysa sa katawagan nito, ang damdamin kaysa ekspresyon nito, ang kabansaan bago ito. Isang anekdota ang nagpapatunay ng superyoriti ng taal na gumagamit ng wika kaysa sa "humihiram" lamang nito. Narito ang anekdota:

Isang Amerikano ang nagtsek-in sa isang hotel sa England at nagtanong kung saan ang elevator. "A, yong 'lift', ang ibig mong sabihin," sagot ng Englishman. "Elevator," untal ng Kano. "Lift," susog muli ng Englishman. Elevator. Lift. Elevator! Lift! "Anyway," putol ng Kano, "sa amin naman naimbento ang elevator kaya elevator ang tawag doon." "Oo nga, pero dito naman naimbento ang English Language," pagtatapos ng katalo.

Bago pa man ito ay nagawa na ni Yoyoy Villame sa isa niyang awit ang istilong tanungang titser-estudyantye. Ganito humigit-kumulang ang tinungo ng "recitation:"

Yoyoy: What is the color of that green?

Mga bata: Grass!

Yoyoy: What is the color of that blue?

Mga bata: Sky!

Yoyoy: What is the color of that sound?

Mga bata: The color of that sound is yellow!

Yoyoy: At bakit naging yellow?

Mga bata: Dahil dilaw ang latak ng sound sa tenga ko.

Yoyoy at mga bata: Ayyy!

Yoyoy: What is Iran?

Mga bata: Iran ay tatakbo.

Yoyoy: What si Iraq?

Mga bata: Iraq malaking bato.

Yoyoy: What is Egypt?

Mga bata: Egypt ay parang oto. Merong owner, merong diesel na pampasahero.

Yoyoy at mga bata: Ngiyee!

Hindi man tayo sumang-ayon at mabakyaan, ito ang Pilipino, ito ang Filipino – na pigilin man ay sadyang huhulagpos. Sikilin man ay muling babangon at lalaganap dahil mabigo man ang mga nagpapalano sa wikang ito na makatagpo ng isang lider na may sapat na tapang at kumbiksyon sa pagpapatupad ng mga plano at palisi sa wika, malabo pa kaysa Ilog-Pasig na makukukob ang pagyabong nito dahil sa gitna ng pambansang kamalayan, ang naturalesa ng wika ay patuloy sa pagdaloy.

### Pag-aangkla ng Masa

Kung sa pagpapalano ng wika ay may tinatawag na mga “Nagpaplanong Hindi Nakikita” na tumutukoy sa mga magulang na gumagawa ng desisyon kung saang paaralan nila ilalagak ang kanilang mga anak na isinasaalang-alang ang wikang huhubog dito, may maituturing din tayong mga nagpapatupad na hindi nakikita o napapansing nagpapalaganap ng wikang Filipino, sinasadya man o hindi. At kung minsan, kabilang dito ang mga hindi natin inaasahang gagawa nito – ang mga bata. At idagdag pa na sa pag-aakala ng mga “nagpaplanong hindi nakikita” na naitakas na nila ang kanilang mga anak sa “kamay ng Filipino”, humahangos na uuwi ang bugtong na anak at excited na kakantahin ang bagong awit na natutuhan:

Sina B1 at B2, dalawang bananakyu  
 Ang tatlong oso, nakabasag ng baso  
 Si Doding Daga, hinabol ng pusa  
 Sila ay sama-sama sa kalderong may suka

O kaya’y ang walang kamatayang kasaysayan ni:

Andres Bonifacio, a-tapang a-tao  
 A-punta a-giyera, a-putol a tenga  
 A-taga a-braso, indi a-takbo  
 A-pitik a-utin, a-takbo a-tulin

Kalimutan na natin ang itsura ng dalawang saging na itinuhog sa istik, tatlong oso at isang daga sa loob ng kalderong may suka. Kalimutan na natin ang kapilyuhang nakapaloob sa tugmaang-Bonifacio, kundi, ang pagtuunan natin ng pansin ay ang wika, ang Filipino. Ang buhay na wikang sumasalamin sa buhay ding sensibilidad ng

mga Pilipino. Hindi natin ginagamit ang panlaping 'a' gaya nang sa paggamit sa tugmaan sa itaas sa karaniwang takbo ng pangungusap. At tayo lamang ang makagagamit ng pagayon sa ating wika nang walang takot na baka sakaling hindi maunawaan ng kapwa natin Pilipino. Gaya nang katotohanang hindi na natin dapat problemahin ang pagmarder ni Yoyoy sa Ingles sa kanyang awit.

Pinoy lamang ang kariringgan ng ganitong awit-Pamasko:

We wish you amerikano  
 We wish you amerikano  
 We wish you amerikanoooooooo  
 And a happy negro.

at Pinoy bersyon ng

Joy to the world  
 Balot, penoy  
 Bibingka at abnoy  
 Karera ng kabayo(2x)  
 Balakubak ng kalbo (2x)  
 Kinamot, kinamot  
 Ni Mang Pipo.

o semi-kanibalistikong awit ng pananagumpay:

Bumabaha ng gin at serbesa  
 Aming pulutan ay si Lastimosa  
 Nalilimutan kong ako'y may asawa  
 Nang magtsampyon ang Ginebra.  
 (Mula sa Nang Magtsampyon ang  
 Ginebra ni Gary Granada:1997)

o ang revised edition ng:

Tong tong tong  
 Pakitong-kitong  
 Mga pulis sa amin,  
 Mataba at bundat  
 Hulihin, mahirap,  
 'pagkat ito'y

nangongotong  
(ulitin lahat nang 3x)

Hindi natin sinasabi rito na dapat maging ganito ang anyo ng ating wikang pambansa (Bagamat kung maging ganito man ay hindi natin mapipigilan). Binibigyang diin lamang natin na sadyang kakaiba ang sense of humor, sensibilidad, karanasan, kultura ng mga Pilipino upang ibilanggo sa isang banyaga sa kanyang karanasan, at higit sa lahat, banyaga sa kanyang kultura.

Noong mga hanggang 70s at early 80s ay tila sa likod lamang ng patalastas ng YCO Florwax mayroong "Pilipino". Sa gitna ng mga patalastas na kalimitan ay Ingles ang ginamit maging sa mga dayalogo o dayuhan bilang tauhan (i.e. Juicy Fruit Gum at Doublemint maging hanggang sa ngayon), nakipagsabayan ang kanilang "Sapak na sapak ang apak/ Sa YCO floorwax." Nitong mga huling dekada na lamang "muling natuklasan" ang lakas ng Filipino bilang pang-akit sa kapritso ng masa. Hindi nga ba't napakalaking tulong ng pagsasa-Pilipino at pagsasa-Filipino ng mga patalastas sa ikatatagumpay ng produkto? Maging ang naglalakihang kumpanya tulad ng San Miguel Corporation, Jollibee at lahat halos ng sabong panlaba ay napatunayan ito. Nariyan ang "Kahit kailan, kaibigan" ng SMC, "Panlasang Pilipino, At home sa Jollibee" at ang mga klasikong "Miss pa po ako," "Batterer, di ba?" at "E, di, ibalik ang swerti," na naging daan pa para ito maisapelikula (si Nora Aunor pa ang bida) at maging instant star ang nagsabi ng mga katagang ito. Bagamat hindi natin sinasang-ayunan ang komersyalisasyon, dapat nating aminin na tanging ang Filipino lamang ang lambat na magagamit natin sa paghuli sa kiliti ng masang Pilipino.

Sa kasalukuyan ay ipinaghehele tayo ng mga "Isa pa, isa pa, isa pang Chicken Joy," "Hating kapatid ang payo ni Inay/Hatiin ang mamon, pati na ang monay, ensaymada, mocca roll..." "Hindi pwede ang pwede na," "Kapal Gooms," at iba pa. Mas mabibili kaya ang produktong ibinabandera sa itaas kung gagawin nating "One more, and more Chicken Joy?" Baka sa halip na fried chicken ng Jollibee ang bilhin ay sigarilyong More ang tangkilikin. At di ba't halos lahat ng batang Pinoy ay binibigkas ito at tila yata nanakaw na nito ang pwesto ng "close-open," "sawsaw-suka" at "Ano ang problema ni Daddy?" bilang mga liksyong itinuturo sa kanila? Sisterly ba o brotherly slice ang gagamitin ng Goldilocks kung ayaw nilang mag-Filipino?

Magiging problema rin sa pag-eeksport kung hindi alam ng eksporter ang wika o kultura ng bansang kanyang prospek. Katulad sa kaso ng isang kilalang car manufacturer na nagpasok ng bago nilang modelong kotse sa Mehiko. Ang kotseng ito na ang modelo ay may pangalang NOVA ay mabiling-mabali sa iba pang bansa subalit nilangaw sa dating kolonya ng Espanya. Kakamot-kamot sila ng ulo nang matuklasan ang dahilan—ang ibig sabihin pala ng NOVA sa Mehiko ay "it doesn't go!" Sa Pilipinas man ay maaari ring magkaroon ng kahawig nitong problema.

Halimbawa'y kailangang mag-isip muna ng ikapitong beses ang isang Tagalog na nais magnegosyo ng okoy sa mga rehyong Sebwno ang bernakular. Bagamat dito sa Maynila at Luzon ay kinahihiligan ito, sa mga rehyong nabanggit, ang okoy ay yaong kapartner ng sirena! Katulad din ng katotohanang ang pinoy naman doon ay kapartner ng balot (Kaya mag-ingat ka, Florante, huwag kang gagawi sa Mindanao kung ayaw mong maipampalakas ng tuhod!) Tunay ngang ang pag-alam sa wika at kultura ng isang lugar ay may ekonomikong pananagutan at pagsasaalang-alang.

Maging ang mga alagad ng panitikan ay patuloy sa pagtuklas, pag-eksperimento, paggigiya, pag-iimpows o pag-aangkla ng mga paraan/patakaran sa pagpapalaganap ng Filipino. Bagamat hanggang sa ngayon ay nasa proseso pa rin ng paghahanap ng tunay na mukhang ipaaangkin sa Filipino, matitiyak na rin naman na sa kasalukuyan, ang Filipino pa rin ang pinakamabisang midyum ng ekspresyon ng karanasan ng Pilipinas bilang isang bansa. Sa isang patalastas ng Centennial Celebration, makikita ang simbolikong pagpipilit ng mga mamamayang pinaghiwalay ng 7,100 pulo na muling paglapitin ito at bumuo ng isang solido at nagkakaisang bayan. Makatwiran lamang na banggitin dito ang ginagawang ambag ng mga alagad ng panitikan upang mabuo ang pangarap na ito:

- (1) . . . Tatlong tulog na lang  
at makita ko na  
ang katahom ng among banwa  
Sa parteng kanan ay may nagsisigawan;  
may kaba sa aking dughan  
mayroon bang magpapatayan?  
Sus, isa lang palang kasadyahan  
(Mula sa tulang "Philippine Princess"  
ni Sheila A. Concepcion ng Cotabato)
- (2) Noong alaw ako melon kapitbahay,  
Sila mag-asawa katamtaman gulang;  
Yon lalaki pasok opis hanapbuhay,  
Yon babae titsel naman paalalan.  
(Mula sa "Away-Away Pelo..." ni Mambebelso  
C. Akong ng Cubao)
- (3) Urong-sulong ang pagbutlak ng araw  
Hanggang nangibabaw sa sikat ang gal-um.  
Tumatanggi ang mga bulaklak  
Na ngumiti.  
Ang mga ibon nag-aalinlangang

Lumipad.

Nagluluksa ang kanilang awit.

(Mula sa "Pagluluksa (Sa Alaala ni Flor Contemplacion)" ni Eufemy Dionela ng Antique).

- (4) Madugay ko ring  
Ginustong tahakin  
Ang tuktok ng Makiling.  
(Mula sa "Bundok" ni John Carlo H. Tiampong ng Iloilo City).
- (5) Hayun na naman ang kreyn  
At nagdidiskarga.  
Hindi ko wari ang laman.  
Pero teka, diba shabu?  
Di rin ako sigurado.  
O ika nila dati'y "Chop-chop."  
(Mula sa "Konteyner" ni Menchie Anales-Abejar ng Quezon Province).

Ang limang halimbawa sa taas ay pawang mga nalathalang tula sa Homelife Magazine ng Saint Paul's Publication na karaniwang isiniserkulo lamang sa mga Kristyanong kolehyo at paaralan—na bagamat limitado ang sirkulasyon ay hindi maitatwang ito'y nakararating. Maaari ring ikontesta na ang mga halimbawa sa itaas ay hindi pa maituturing na Filipino, bagamat malinaw na nasasaad sa Konstitusyon na ang Filipino ay yaong wikang malilikha sa pagsasama-sama ng mga wika sa Pilipinas at maging ng mga dayuhang wikang malalim ang impluwensya sa Pilipinas tulad ng Intsik, Kastila, Hapon at Ingles. At di ba't maging ang mass media ay sinisimulan na rin ang pagdampot-dampot ng mga salita mula sa ibang rehyon? Patunay ang buhay na buhay na pagbati ni Korina Sanchez sa kanyang mga kabig sa Balitang K sa iba't ibang wika sa Pilipinas. Ang mga naggagawad din sa panitikan tulad ng Palanca at CCP ay nagbukas na para sa mga manunulat sa bernakular (i.e. Ilokano, Sebwano, Hiligaynon, atbp.) At paunti-unti, ang mga nag-iisponsor ng Writing Workshops (i.e. UPCWC, Iligan NWW, atbp.) ay nagbibigay daan din sa nakaliligtaang wika natin. Nagpapahatid din ng dalangin ang mga Sebwano sa mga manlalarong lilipad para sa SEA Games sa Jakarta sa pamamagitan ng patalastas na Milo: "Modaug unta mo ug daghang medalya" at ayon nga kay Lakay, ay "galante ang mga Ilokano," ayon sa isang patalastas ng beer. At hindi ba't noon pa tayo winawarningan ng yumaong Flash Elorde na "'Wag naman bara-bara, bay!'"? Maaari ngang hindi pa ito ang nais nating maging mukha ng matatawag nating Filipino subalit malinaw rito

na saan mang bahagi ng Pilipinas, may sinisimulang hakbang, kahit maliit lamang, ang mga pro-Filipino sa paghaharap ng tunay na mukha ng wikang pambansa. Mukhang maihaharap sa nagbabagong panahon at lumalawak na karanasan ng mga Pilipino bilang isang bansa. Bilang isang bansang patuloy na naghahanap ng kanyang ugat. Isang bansang naghahanap ng maisusuhay sa mga nabaling sanga ng kanyang lipi at bumubuo ng matibay na moog na paglalagakan ng kanyang mga pangarap, ngayon at sa hinaharap. Ang bukas ay sadyang mapaghamon at ang kinabukasan ng Pilipinas ay hindi na maaaring ilagay lamang sa kamay ng mga nasa sentro kundi panahon na upang makibahagi at bigyan ng pagkakataong makibahagi ang nakaligtaang bahagi ng bansa.

### **Maisasalba ba ang Filipino sa Panahon ng Kompyuter**

Sa ngayo'y nahaharap tayo sa makalusaw-identidad na epekto ng globalisasyon. Bukas na ang Information Highways at bilang isang bansang bubot pa sa ganitong larangan, ang isang maling hakbang ay maaaring humantong sa lubos na kapahamakan. Ngayon pa lamang ay nararapat na malinaw na kung ano ang papel na gagampanan ng wikang pambansa sa pagharap sa mga pwersang biya-biyabit ng Neo-Kolonisasyong nagtatago sa pangalang Globalisasyon? Dahil dito'y marami ang nagtatanong at nag-aalala kung hindi kaya malunod ang Filipino sa dagat ng Information Technology at maligaw sa madawag na gubat ng Cyber Age? Narito ang alo ng isang makata:

#### CYBERPOEM.EXP@MP215

kailangan nating makatakas  
sa web ng matatandang paniniwala  
at tumanaw sa [mas.comportable@malalaking  
wwwindows](mailto:mas.comportable@malalaking<br/>wwwindows)

byte-in natin nang byte-in  
ang gapos at ka-login ang tali-sa-

talinhaga

ito lamang ang password:

lumikha

lumikha

lumikha

kung access granted, huwag  
kalimutang i-scan ang file.bak—  
sa paraang ito lamang natin  
mai-e-F10  
ang ating panitikan.



Maaaring pagtaasan ito ng kilay, totoo. Subalit napakaraming galamay ng Filipino upang maigapos sa iisang anyo lamang. At habang ang sensibilidad ay Pinoy, ang karanasan ay Pinoy, ang kultura ay Pinoy at ang bansa ay Pilipinas at may mga sundalo ng wikang pambansang tahimik na nakikipagtunggali, ang Filipino ay mananatili, yayabong, papadyak, kikibot, lulukso, iiktad, pipiglas, pipintig dahil buhay, gumagalaw, humihinga; nagsasabog ng tunog at kulay; nagwawagayway ng sariling identidad at kakayahan; at muling inaangkin ang karapatang matawag na “wikang handog ng Amang maalam tumingin” sariling mukha’t karangalan itong ihaharap sa lantad man o pasilip-silip niyang mga kalaban.

